


9

Araling Panlipunan **Ikalawang Markahan – Modyul 3:** **Interaksyon ng Demand** **at Supply**



Araling Panlipunan– Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 3: Interaksiyon ng Demand at Supply
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Faith P. Acapulco

Editors: Serapion P. Cabatingan Jr., Nelson S. Lasagas

Tagasuri: Ramel P. Cael at Ann Mae G. Sabado

Tagaguhit: Regine C. Duterte

Tagalapat: Pepe M. Tabanao, Jr., Elizalde Piol

Tagapamahala: Ruth L. Fuentes

Pedro Melchor M. Natividad

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Danny A. Cordova

Ma. Diosa Z. Peralta

Ma. Madelene P. Mituda

Alelen Zinnia A. Pancho

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

9

Araling Panlipunan **Ikalawang Markahan – Modyul 3:** **Interaksyon ng Demand** **at *Supply***

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating magaaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng magaaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin


Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang makagawa ng mga sumusunod na kasanayan sa pagkatuto;

Layunin:

Naipapaliwanag ang interaksyon ng demand at supply sa kalagayan ng presyo at ng pamilihan, (ArPan9Q2, W5, MELCs, 2020)

Paksa: Interaksyon ng Demand at Supply

Mga Kagamitan: Pambura, lapis, ballpen, sagutang papel, ruler, pangkulayat iba pa



Subukin

Gawain 1: Try Mo Lang!

Panuto: Sagutin mo ang mga tanong sa ibaba. Piliin ang titik sa tamang sagot atisulat sa sagutang papel.

1. Ang produktong A at B ay magkaugnay na produkto. Ang gastusin para sa salik ng produksiyon para sa produktong B ay tumaas. Ano ang mangyayari sa supply ng produktong B?
 - A. lilipat pakanan ang kurba ng suplay sa produktong A
 - B. lilipat pakaliwa ang kurba ng suplay sa produktong B
 - C. lilipat pakaliwa ang kurba ng suplay sa produktong A
 - D. lilipat pakanan ang kurba ng suplay sa produktong B

Para sa bilang 2-6 (Market Schedule)

Presyo ng <i>fishball</i> (sa piso)	Quantity Demand (Qd)	Quantity Supplied (Qs)
5	10	50
4	20	40
3	30	30
2	40	20
1	50	10
0	60	0

2. Sa anong presyo nagkaroon ng ekwilibriyo ang pamilihan?
 - A. 5 B. 4 C. 2 D. 3
3. Ilang dami ng *fishball* nagkasundo ang konsyumer at prodyuser?
 - A. 50 B. 30 C. 60 D. 40
4. Ano ang maaaring maganap sa pamilihan sa presyong 2.00?
 - A. kalabisan C. kakulangan
 - B. ekwilibriyo D. wala sa nabanggit
5. Sa anong presyo magaganap ang surplus sa pamilihan?
 - A. 5 B. 1 C. 3 D. 2
6. Ilan ang magiging kakulangan sa presyong 1.00 bawat piraso ng *fishball*?
 - A. -40 B. 30 C. -20 D. 10
7. Ipagpalagay na lumipat ang supply curve pakanan subalit walang pagbabago sa demand curve, anong pagbabago ang maaaring magaganap sa pamilihan?
 - A. bababa ang ekwilibriyong presyo at tataas ang ekwilibriyong dami
 - B. tataas ang ekwilibriyong presyo at bababa ang ekwilibriyong dami
 - C. bababa ang ekwilibriyong presyo at bababa ang ekwilibriyong dami
 - D. tataas ang ekwilibriyong presyo at tataas ang ekwilibriyong dami
8. Anong pagbabago ang maaaring magaganap sa pamilihan kapag nagkaroon ng paglipat sa demand curve pakaliwa subalit walang pagbabago sa supply curve?
 - A. bababa ang ekwilibriyong presyo at bababa ang ekwilibriyong dami
 - B. tataas ang ekwilibriyong presyo at tataas ang ekwilibriyong dami
 - C. tataas ang ekwilibriyong presyo at bababa ang ekwilibriyong dami
 - D. bababa ang ekwilibriyong presyo at tataas ang ekwilibriyong dami
9. Alin ang magaganap kapag bumaba ang supply at hindi nagbago ang demand?
 - A. bababa ang ekwilibriyong presyo at bababa ang ekwilibriyong dami
 - B. tataas ang ekwilibriyong presyo at tataas ang ekwilibriyong dami
 - C. tataas ang ekwilibriyong presyo at bababa ang ekwilibriyong dami
 - D. bababa ang ekwilibriyong presyo at tataas ang ekwilibriyong dami
10. Paano kapag magkasabay na lumipat pakanan ang kurba ng demand at kurbang suplay?
 - A. Walang pagbabago sa ekwilibriyong presyo
 - B. Walang pagbabago sa ekwilibriyong dami
 - C. Tataas ang ekwilibriyong presyo
 - D. Bababa ang ekwilibriyong dami

Aralin 1 Interaksyon ng Demand at Supply




Balikan

Gawain 2: Lapatan Mo!

- A. Kumpletuhin ang market schedule sa ibaba gamit ang bigay na supply functions. Isulat sa sagutang papel ang inyong sagot. Ipakita ang solusyon.

Presyo	Quantity Supply (Qs) $Q_s=0+5P$
0	0
1	5
2	4.
1.	15
4	5.
2.	25
3.	30
7	35
8	40

B. Paggawa ng Grap. Gamitin ang nabuong talahanayan sa itaas gumawa ngsupply curve. Gawin ito sa sagutang papel.




Tuklasin


Ang pangunahing pokus ng modyul na ito ay ang interaksyon ng demand at supply sa kalagayan ng presyo, produkto at ng pamilihan. Ito ay ipinakita sa pamamagitan ng mga talahanayan, grapikong paglalarawan at paggamit ng matematikong pamamaraan.

Gawain 3: Word Drill


Panuto: Ayusin ang mga ginulong letra sa kahon upang maibigay ang hinihinging kasagutan sa mga gabay na tanong. Ang sadyang pinalaking titik ay tanda ng simulang letra sa mga sagot. Gawin ito sa sagutang papel.




1. _____




2. _____



3. _____




4. _____



5. _____

Mga Gabay na Tanong:

1. Ano ang tawag sa isang kaganapan ng pamilihan na kung saan ang dami ng demand at dami ng suplay ay pantay?
2. Ano ang maaaring magaganap sa pamilihan kapag mas malaki ang dami ng demand kaysa dami ng supply?
3. Ano ang maidudulot ng pagkakaroon ng mas maraming dami ng supply kaysa dami ng demand sa pamilihan?
4. Ano ang itinuturing na nagsisilbi bilang tagapag-ugnay sa palitan sa pagitan ng konsyumer at prodyuser?
5. Alin sa mga salitang nabuo ang may kaugnayan sa disekwilibriyo?



Suriin


Ang presyo ay may di tuwirang relasyon sa demand. Kapag ang presyo ay mataas, mababa ang demand ngunit kapag mababa ang presyo, mataas naman ang demand. Naiiba ang panig ng suplay. May tuwirang ugnayan ang presyo sa dami ng suplay. Kapag mataas ang presyo mataas rin ang suplay. Kapag mababa ang presyo mababa rin ang suplay.

Ano kaya ang mangyayari kung ang dalawang puwersang ito, ang demand at suplay ay magtagpo? Ano ang kahihinatnan ng kanilang interaksyon o pagtutunggalian?

May tatlong pamamaraan na pagpapakita ng ugnayan o interaksyon ng

demand at supply sa pamilihan. Sa ganoong paraan, upang malaman mo ang lahat ng mga ito, kailangan mong pag-aralan, suriin ang mga grap, talahanayan sa ibaba, intindihin at unawaing maiigi ang mga konsepto, k

1. ANG UGNAYAN NG DEMAND CURVE AT SUPPLY CURVE



Tandaan:



Ang demand curve ay nagpapakita ng quantity demanded sa magkaibang presyo. Mapapansin ding pababa ang slope.

Patunay: Batas ng Demand

“...mayroong inverse o magkasalungat na ugnayan ang presyo sa Quantity demanded (Qd) ng isang produkto...”

: ↑P, ↓Quantity demanded (Qd)- kapag tumaas ang presyo bumaba ang dami ng produkto o serbisyong kayang bilhin.

: ↓P, ↑Quantity demanded (Qd)- kapag bumaba ang presyo, tataas naman ang dami ng produktong o serbisyong kayang bilhin



Ang supply curve ay nagpapakita ng quantity supplied sa mga magkaibang presyo. Mapapansin na pataas ang slope nito.

Patunay: Batas ng Supply

“...mayroong direkta o positibong ugnayan ang presyo sa Quantity supplied(Qs) ngisang produkto...”

: ↑P, ↑Quantity supplied(Qs)- kapag tumaas ang presyo tumaas din ang dami ng produkto o serbisyong kayang ipagbili.

: ↓P, ↓Quantity supplied(Qs)- kapag bumaba ang presyo, bumababa din ang daming produkto o serbisyong kayang ipagbili



Ito ang punto ng ekwilibriyo sa pamilihan kung saan ang Quantity Demanded (Qd) at quantity Supplied ay pantay.

Saan: Sa punto C, P= 30.00; Qd=Qs

2. MARKET ISKEDYUL NG DEMAND AT SUPLAY (Para sa siopao)

Quantity emanded D	Presyo (sa piso)	Quantity Supplied (Qs)
10	50	50
20	40	40
30	30	30
40	20	20
50	10	10
60	0	0

Tandaan:

- ✓ Sa presyong tatlumpung piso, ang Quantity demanded at Quantity supplied ay pantay (Qd=Qs), ito ay ang pagkakaroon ng ekwilibriyo.
- ✓ Sa presyong mas mataas sa tatlumpung piso, mas maliit ang Quantity demanded kaysa Quantity supplied (Qd<Qs), ito ay magkakaroon ng kalabisan o surplus.
- ✓ Sa presyong mas mababa sa tatlumpung piso, mas malaki ang Quantity demanded kaysa Quantity supplied (Qd>Qs), ito ay magkakaroon ng kakulangan o shortage.

3. DEMAND AT SUPPLY FUNCTION

Sa pamamagitan ng mathematical equation ay maaaring makuha angekwilibriyo. Una ay alamin ang halaga ng presyo (P) gamit ang demand at supply function. Pagkatapos ay ihalili ang value ng (P) sa demand at supply function. Ang mga makukuhang sagot ang siyang tumutugon sa ekwilibriyong dami nito.

Ang kompyutasyon na nasa talahanayan sa ibaba ay nagpapakita kung papaano makukuha ang ekwilibriyong presyo at quantity.

Balikan ang bilang 2: Market Schedule ng demand at supply (para sa siopao)

- A. Demand Function-ay matematikong pagpapakita sa ugnayan ng presyo at Quantity demanded (Qd).

Formula: $Q_d = a - bP$ Saan:

Q_d = Quantity demanded

a = intercept (bilang ng Q_d kung ang Presyo (P) ay zero (0))

- = ay minus sign

b = slope ($\Delta Q_d \div \Delta P$)

Δ = Delta

(Pagbabago) P =

Presyo

- B. Supply Function- ay matematikong pagpapakita sa ugnayan ng presyo at Quantity supplied (Qs).

Formula: $Q_s = a + bP$ Saan:

Q_s = Quantity supplied

a = intercept (bilang ng Q_s kung ang Presyo (P) ay zero (0))

+ = ay plus sign

b = slope ($\Delta Q_s \div \Delta P$)

Δ = Delta

(Pagbabago) P =

Presyo


Sundan ang halimbawang bigay:

Sa Presyo (P) para Qd	Sa Quantity demanded (Qd)	Sa Presyo (P) para Qs	Sa Quantity supplied (Qs)
$Q_d = a - bP$ $Q_d = 60 - 1P$ Sa punto ng ekwilibriyo:	$Q_d = ? \quad P = 30$ $Q_d = 60 - 1P$ $= 60 - 1(30)$ $= 60 - 30$ $Q_d = 30$	$Q_s = a + bP$ $Q_s = 0 + 1P$ Sa punto ng ekwilibriyo: $Q_s = 30$ $P = ?$ $Q_s = 0 + 1P$ $30 = 0 + 1P$ $-1P = -30 + 0$ $-1P / -1 = -30 / -1$ $P = 30$	$Q_s = ? \quad P = 30$ $Q_s = 0 + 1P$ $= 0 + 1(30)$ $= 0 + 30$ $Q_s = 30$
Sa punto ng ekwilibriyo, $P = 30$; $Q_d = Q_s$			

PAGTATAKDA NG PRESYO

Dahil sa ekilibriyo, naitatakda ang presyo at dami ng produkto o serbisyo sa isang pamilihan. Ngunit ano ang mangyayari kung magkakaroon ng paglaki ng suplay samantalang hindi nagbabago ang demand o kaya naman ay magkaroon ng pagtaas ng demand ngunit walang pagbabago sa suplay? Ano ang mangyayari sa transaksyon sa pagitan ng mga mamimili at nagbibili sa ganitong sitwasyon?


PAGLIPAT NG KURBA NG SUPLAY PAKANAN SUBALIT WALANG PAGBABAGO SAKURBA NG DEMAND



Makikita sa graph sa itaas na ang ekilibriyong presyo ay P20 at ang ekilibriyong dami ay tatlumpu. Subalit kung magkakaroon ng pagtaas ng suplay mula sa daming tatlumpu patungong animnapu, na ipinapakita ng paglipat pakanan ng kurba ng suplay, samantalang ang dami ng demand ay nanatili sa daming tatlumpu, magkakaroon ng labis na suplay sa pamilihan. Nangangahulugan na tatlumpu lamang ang demand samantalang animnapu ang suplay. Ang ganitong sitwasyon ay tinatawag na disekilibriyo dahil hindi nagkasundo sa dami ng ipagbibili at dami ng bibilhin sa pamilihan. Kapag may labis na suplay sa pamilihan, bababa ang presyo ng produkto o serbisyo upang mahikayat ang mga mamimili na dagdagan ang kanilang binibili. Sa pagbaba ng presyo, tumaas ang demand ngunit bumaba naman ang suplay. Mapapansin ngayon na nagkaroon ng panibagong ekilibriyong presyo na P10 at panibagong ekilibriyong dami na apatnapu.

Halimbawa, gumamit ng makabagong makinarya ang planta na nagdulot ng paglaki ng produksiyon. Ang paglaki ng produksiyon ay nangangahulugan ng pagtaas ng suplay kahit hindi nagbabago ang presyo ng produkto sa pamilihan. Kung walang pagbabago sa dami ng demand, magkakaroon ng labis na suplay na hahantong sa pagbaba ng presyo.

PAGLIPAT NG KURBA NG SUPLAY PAKALIWA SUBALIT WALANG PAGBABAGO SAKURBA NG DEMAND




Makikita sa graph sa itaas na ang ekilibriyong presyo ay P10 at ang ekilibriyong dami ay apatnapu. Subalit kung magkakaroon ng pagbaba ng suplay mula sa daming apatnapu patungong tatlumpu, na ipinapakita ng paglipat pakaliwa ng kurba ng suplay, samantalang ang dami ng demand ay nanatili sa daming apatnapu, magkakaroon ng kakulangan sa suplay sa pamilihan. Nangangahulugan na apatnapu ang demand samantalang tatlumpu lamang ang suplay. Ang ganitong sitwasyon ay tinatawag na disekilibriyo dahil hindi nagkasundo sa dami ng ipagbibili at

dami ng bibilhin sa pamilihan. Kapag may kakulangan na suplay sa pamilihan, tataas ang presyo ng produkto o serbisyo. Sa pagtaas ng presyo, bumaba ang demand ngunit tumaas naman ang suplay. Mapapansin ngayon na nagkaroon ng panibagong ekilibriyong presyo na P20 at panibagong ekilibriyong dami na tatlumpu.

Halimbawa, nasalanta ng bagyo ang taniman ng mais sa Gitnang Luzon na magdudulot ng pagbaba ng suplay ng mais sa pamilihan kahit hindi nagbabago ang presyo nito. Kung hindi nagbabago ang dami ng demand, magkukulang ang suplay ng mais na hahantong sa pagtaas ng presyo nito sa pamilihan.


PAGLIPAT NG KURBA NG DEMAND PAKANAN SUBALIT WALANG PAGBABAGOSA KURBA NG SUPLAY



Makikita sa graph sa itaas na ang ekilibriyong presyo ay P30 at ang ekilibriyong dami ay tatlumpu. Subalit kung magkakaroon ng pagtaas ng demand mula sa daming tatlumpu patungong limampu, na ipinapakita ng paglipat pakanan ng kurba ng demand, samantalang ang dami ng suplay ay nanatili sa daming tatlumpu, magkakaroon ng labis na demand sa pamilihan. Nangangahulugan na tatlumpu lamang ang suplay samantalang limampu ang demand. Ang ganitong sitwasyon ay tinatawag na disekilibriyo dahil hindi nagkasundo sa dami ng ipagbibili at dami ng bibilhin sa pamilihan. Kapag may labis na demand sa pamilihan, tatas ang presyo ng produkto o serbisyo. Sa pagtaas ng presyo, bababa ang demand ngunit tataas naman ang suplay. Mapapansin ngayon na nagkaroon ng panibagong ekilibriyong presyo na P40 at panibagong ekilibriyong dami na apatnapu.

Halimbawa, bago sumapit ang Bagong Taon, mataas ang demand para sa mgapaputok dahil tradisyon na ito ng mga Filipino. Kung hindi madadagdagan ang suplay ng paputok sa pamilihan magkakaroon ng kakulangan sa suplay na hahantong sa pagtaas ng presyo nito.


PAGLIPAT NG KURBA NG DEMAND PAKALIWA SUBALIT WALANG
PAGBABAGOSA KURBA NG SUPLAY



Makikita sa graph sa itaas na ang ekilibriyong presyo ay P40 at ang ekilibriyong dami ay limampu. Subalit kung magkakaroon ng pagbaba ng demand mula sa daming limampu patungong tatlungpu, na ipinapakita ng paglipat pakaliwa ng kurbang demand, samantalang ang dami ng suplay ay nanatili sa daming limampu, magkakaroon ng labis na suplay sa pamilihan. Nangangahulugan na tatlungpu lamang ang demand samantalang limampu ang suplay. Ang ganitong sitwasyon ay tinatawag na disekilibriyo dahil hindi nagkasundo sa dami ng ipagbibili at dami ng bibilhin sa pamilihan. Kapag may labis na suplay sa pamilihan, bababa ang presyo ng produkto o serbisyo. Sa pagbaba ng presyo, tataas ang demand ngunit bababa naman ang suplay. Mapapansin ngayon na nagkaroon ng panibagong ekilibriyong presyo na P30 at panibagong ekilibriyong dami na apatnapu.


Halimbawa, kung hindi na uso ang estilo ng isang damit, bababa ang demand nito ngunit kung hindi naman nagbabago ang dami suplay, magkakaroon ng kalabisan sa pamilihan. Ang pangyayaring ito ay maghuhudyat upang bumaba ang presyo ng produkto sa pamilihan. Sa pagbaba ng presyo, asahan naming tatas ang demand para dito.

MAGKASABAY NA PAGLIPAT NG KURBA NG DEMAND AT KURBA NG SUPLAY



Makikita sa graph sa itaas na ang ekilibriyong presyo ay P50 at ang ekilibriyong dami ay tatlumpu. Subalit kung magkakaroon ng pagtaas ng demand mula sa daming tatlumpu patungong aninnapu, na ipinapakita ng paglipat pakanan ng kurba ng demand, kasabay ng pagtaas ng suplay mula tatlumpu patungong animnapu rin na ipinapakita ng paglipat ng kurba ng suplay pakanan, ay magdudulot lamang ng pagbabago sa ekilibriyong dami kahit hindi nagbabago ang presyo nito. Nangangahulugan na hindi magbabago ang presyo dahil ang pagbabago sa dami ng demand ay katumbas rin ng pagbabago sa dami ng suplay.


Halimbawa, kung tataas ang demand para sa hamon sa pagsapit ng Kapaskuhan kasabay sa pagtaas ng suplay nito bilang paghahanda ng mga nagmamanupaktura ng hamon, pantay ang dami ng demand at suplay. Ang pangyayaring ito ay magdudulot ng pagtaas ng demand at suplay sa hamon ngunit dahil walang kalabisan at kakulangan sa pamilihan, hindi magbabago ang presyo nito.



Pagyamanin

Gawain 4: Suri-Grap

A. Pagsusuri sa Grap. Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat sa sagutang papelang tamang sagot.



- Ano ang ekwilibriyong presyo at dami? ____
- Sa presyong Php 65, ilan ang dami ng demand at supply? ____
- Sa presyong Php 15, ilan ang dami ng demand at supply? ____
- Lilipat ang kurba ng demand pakanan sa panibagong ekwilibriyong presyo naPhp
70. Ano ang panibagong ekwilibriyong dami? _
- Ano ang ipinapahiwatig na kung saan ang presyo ay Php 20, Q_d=160, Q_s=40?

- Ano ang nagaganap sa pamilihan kapag ang Q_d=50, Q_s=150? _
- Ilan ang kalabisan sa presyong Php 90? _
- Ilan ang kakulangan sa presyong Php 35? ____
- Ibigay ang demand function/equation? ____
- Ibigay ang supply function/equation? ____

B. Paggawa ng Market Iskedyul ng Demand at Supply.

PRESYO	DAMI NG DEMAND (QD)	DAMI NG SUPPLY (QS)

1. Nahihirapan ka ba sa pagbuo sa talahanayan? Bakit?

2. Ano ang iyong nagiging gabay sa pagbuo nito?




Isaisip

Gawain 5: Tanong Ko-Sagot Mo!

Panuto: Tukuyin kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng kalabisan, kakulangan o ekwilibriyo.

- ___ 1. Limampung kilo ang suplay ng kamote at limampung kilo naman ang demand para dito.
- ___ 2. Dalawang daang piraso ng lapis ang kailangan sa paaralan ngunit limampu ang ipinagbibili sa pamilihan.
- ___ 3. Nagkasundo ang mamimili at nagbibili sa presyong Php 800.
- ___ 4. May animnapung kaban ng bigas sa bodega samantalang dalawampu lamang ang handang bilhin ng mga mamimili.
- ___ 5. Biniling lahat ni Ronron ang tindang tinapay sa tindahan.
- ___ 6. Kailangan ni Simoun ng isang dosenang itlog ngunit pitong piraso na lamang ang natitira sa Tindahan ni Aling Pamela.
- ___ 7. Binili ni Aling Marita ang anim na kilong bangus ngunit may natirang tatlong kilo pa.
- ___ 8. Dahil madaling araw na, hindi na nabili ang sampung balot ng ensaymada kahit na naibenta ang sampung balot kaninang umaga.
- ___ 9. Maagang nakauwi si Mang Estefano dahil pinakyaw ang tinda nitong saging na galing sa Davao.
- ___ 10. Dahil sinuspinde ang pasok sa paaralan, maraming natirang pagkain ang nasira at napanis sa kantina.




Isagawa

Gawain 6: Gawin Mo! I-Sagot Mo!


Panuto: Pag-aralan ang bawat grap at sagutin ang mga tanong na nasa ibaba ng bawat grap. Isulat ang tamang sagot sa sautang papel.

1. Paglipat ng *supply curve* pakanan subalit walang pagbabago sa *demand curve*




1. 1 Uri ng disekwilibriyo: _____
1. 2 $EP1 = \underline{\quad}$, $QD = \underline{\quad}$, $QS = \underline{\quad}$
1. 3 $EP2 = \underline{\quad}$, $QD = \underline{\quad}$, $QS = \underline{\quad}$

2. Paglipat ng *demand curve* pakaliwa subalit walang pagbabago sa *supply curve*




2. 1 Ano ang ekwilibriyong presyo at dami? ____
2. 2 Sa presyong Php 70, ilan ang dami ng demand at supply? ____
2. 3 Sa presyong Php 25, ilan ang dami ng demand at supply? ____
2. 4 Gumawa ka ng panibagong demand curve doon sa grap na nagpapakita sa paglipat ang kurba ng demand pakaliwa sa panibagong ekwilibriyong dami na 80. Ito ang iyong batayan sa pagsagot sa katanongang, ano ang panibagong ekwilibriyong presyo? ____
2. 5 Ano ang nagaganap sa pamilihan kapag ang $Q_d=50$, $Q_s=150$? ____

3. Magkasabay na paglipat ng kurba ng demand at kurba ng suplay pakaliwa saparehong presyo.



3. 1 $EP_1 = \underline{\hspace{2cm}}$, $QD = \underline{\hspace{2cm}}$, $QS = \underline{\hspace{2cm}}$
3. 2 Sa sabay na paglipat ng kurba ng demand at suplay pakaliwa. Ano angpanibagong ekwilibriyong presyo at dami?
3. 3 Sa presyong 30.00, ilan ang dami ng demand at supply? (wala pang paggalawo paglipat na naganap)



Tayahin


Gawain 7: Isipin Natin-Sagot Ayusin!

Panuto: Sagutin mo ang mga tanong sa ibaba. Piliin ang titik sa tamang sagot atisulat sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng wastong pahayag tungkol sa Batas ng Demand at Suplay?

- | | |
|---|---|
| A. $\uparrow P$, $\uparrow Q_d$, $\downarrow Q_s$ | C. $\downarrow P$, $\downarrow Q_d$, $\uparrow Q_s$ |
| B. $\uparrow P$, $\downarrow Q_d$, $\uparrow Q_s$ | D. $\downarrow P$, $\uparrow Q_d$, $\uparrow Q_s$ |

Para sa bilang 2-4



2. Ano ang ipinapahiwatig ng puntong P?
 - A. Surplus
 - B. Shortage
 - C. Ekwilibriyo
 - D. Presyo

3. Ang graph sa itaas ay nagpapakita ng kakulangan, kalabisan at ekilibriyo. Batay sa graph, sa anong presyo at dami nagkaroon ng kakulangan?
 - A. sa presyong 5.00 at sa dami ng $D = 15$, $S = 25$
 - B. sa presyong 4.00 at sa dami ng $D = 20$, $S = 20$
 - C. sa presyong 2.00 at sa dami ng $D = 10$, $S = 30$
 - D. sa presyong 2.00 at sa dami ng $D = 30$, $S = 10$

4. Ang pamilihan ay maaaring makaranas ng kalabisan. Alin sa graph sa itaas ang nagpapahiwatig nito?
 - A. ang quantity demanded ay 15 at ang quantity supplied ay 25
 - B. ang quantity demanded ay 30 at ang quantity supplied ay 10
 - C. ang quantity demanded ay 25 at ang quantity supplied ay 15
 - D. ang quantity demanded ay 20 at ang quantity supplied ay 20

5. Si Mang Kanor ay isang tindero ng taho. Kadalasan ay kumikita siya ng malaki ngunit nang magkaroon ng pandemya ay humina ang kaniyang benta. Alin sa mga pagbabago ng pamilihan ang nagaganap?
 - A. Paglipat ng kurba ng demand pakaliwa subalit walang pagbabago sa kurba ng suplay
 - B. Paglipat ng kurba ng demand pakanan subalit walang pagbabago sa kurba ng suplay
 - C. Paglipat ng kurba ng suplay pakaliwa subalit walang pagbabago sa kurba ng demand
 - D. paglipat ng kurba ng suplay pakanan subalit walang pagbabago sa kurba ng demand

6. Gaano kahalaga ang ekilibriyo sa pamilihan?
 - A. Nagiging matatag ang pamilihan dahil pantay ang dami ng demand at suplay sa isang takdang presyo
 - B. Nagsilbi itong gabay sa mga prodyuser at konsyumer
 - C. Nagpakita ito ng kalagayan ng kakulangan at kalabisan sa pamilihan
 - D. Nagbigay-kaalaman tungkol sa balanseng dami ng demand at suplay sa iba't-ibang presyo
7. Nang magsimula ang pandemya, isa sa mga health protocol ay ang pagsuot ng facemask. Tumaas ang pangangailangan ng mga tao at kasabay nito ay ang pagtaas ng presyo. Ang pangyayaring ito ay nagpapahiwatig ng _____,
 - A. pagtaas ng supply walang pagbabago sa demand
 - B. pagtaas ng demand walang pagbabago sa supply
 - C. pagtaas ng demand at pagtaas ng supply
 - D. pagbaba ng demand at pagbaba ng supply
8. Ang tawag sa hindi pantay na dami ng demand at supply sa pamilihan ay disekwilibriyo. Paano ito magiging pantay o balanse?
 - A. sa pamamagitan ng pagtaas ng demand
 - B. sa pamamagitan ng isang pagpupulong ng prodyuser at konsyumer
 - C. sa pamamagitan ng pagbawas ng mga supply
 - D. sa pamamagitan ng napagkasunduang presyo
9. Sa pagkakataon na tumaas ang supply ngunit ang demand ay walang pagbabago, bababa ang presyo nito. Bakit?
 - A. upang mahikayat na bumili ang tao at tumaas ang demand nito
 - B. upang tumaas ang kita ng prodyuser
 - C. upang magkaroon ng pagkilos sa pamilihan
 - D. upang maiwasan ang kakulangan
10. Ano ang tawag sa hindi balanseng supply at demand sa isang pamilihan?
 - A. kalabisan
 - B. kakulangan
 - C. ekilibriyo
 - D. disekwilibriyo



Karagdagang Gawain

Gawain 8: Isip-Isip!

Panuto: Basahin at unawain ng mabuti ang mga sitwasyon na nakakahon sa ibaba at sagutin ang mga tanong gamit ang isang ilustrasyon bilang gabay sa inyong pagsagot. Gawin ito sa sagutang papel.

<p style="text-align: center;">↑D, S</p> <p>•Kapag mataas ang demand ngunit walang pagbabago sa supply, magdudulot ito ng disekwilibriyo sa pamilihan- SHORTAGE.</p>	<p style="text-align: center;">↑Ep, ↑Eq</p> <p>•Kaya tataas ang ekwilibriyong presyo at tataas ang ekwilibriyong dami.</p>
<p style="text-align: center;">↓S, D</p> <p>•Kapag mababa ang supply ngunit walang pagbabago sa demand, magdudulot ito ng disekwilibriyo sa pamilihan- SHORTAGE.</p>	<p style="text-align: center;">↑Ep, ↓Eq</p> <p>•Kaya tataas ang ekwilibriyong presyo at bababa ang ekwilibriyong dami.</p>
<p style="text-align: center;">↑S, D</p> <p>•Kapag mataas ang supply ngunit walang pagbabago sa demand, magdudulot ito ng disekwilibriyo sa pamilihan- SURPLUS.</p>	<p style="text-align: center;">↓Ep, ↑Eq</p> <p>•Kaya bababa ang ekwilibriyong presyo at tataas ang ekwilibriyong dami.</p>
<p style="text-align: center;">↓D, S</p> <p>•Kapag mababa ang demand ngunit walang pagbabago sa supply magdudulot ito ng disekwilibriyo sa pamilihan- SURPLUS.</p>	<p style="text-align: center;">↓Ep, ↓Eq</p> <p>•Kaya bababa ang ekwilibriyong presyo at bababa ang ekwilibriyong dami.</p>
<p style="text-align: center;">↑D, ↑S</p>	<p style="text-align: center;">Ep, ↑Eq</p>
<p>•Kapag magkasabay ang paglipat ng kurba ng demand at kurba ng supply pakanan sa parehong presyo.</p>	<p>• hindi nagbabago ang ekwilibriyong presyo at tataas ang ekwilibriyong dami.-</p>
<p style="text-align: center;">↓D, ↓S</p> <p>•Kapag magkasabay ang paglipat ng kurba ng demand at kurba ng supply pakaliwa sa parehong presyo.</p>	<p style="text-align: center;">Ep, ↓Eq</p> <p>• hindi nagbabago ang ekwilibriyong presyo at bababa ang ekwilibriyong dami.</p>

Sitwasyon	Pagbabago Sa Demando Supply	Mga Kaganapan sa Pamilihan Batay sa Nailarawan na Pagbabago	
1. Mahina ang benta ng sago at gulaman ni Mang Mario dahil sa lamig ng panahon.		Ekwilibriyong presyo _____ bababa _____ tataas _____ walang pagbabago	Ekwilibriyong dami _____ bababa _____ tataas _____ walang pagbabago
2. <i>Panic buying</i> ng mga mamimili sa <i>face mask</i> at <i>alcohol</i>		Ekwilibriyong presyo _____ bababa _____ tataas _____ walang pagbabago	Ekwilibriyong dami _____ bababa _____ tataas _____ walang pagbabago
3. Nagkaroon ng tagtuyot at nasira ang pananim na pechay ng mga magsasaka kaya tumaas ang presyo nito sa pamilihan.		Ekwilibriyong presyo _____ bababa _____ tataas _____ walang pagbabago	Ekwilibriyong dami _____ bababa _____ tataas _____ walang pagbabago
4. Dahil sa <i>ashfall</i> o abo mula sa pagputok ng bulkan nasira ang taniman ng kape		Ekwilibriyong presyo _____ bababa _____ tataas _____ walang pagbabago	Ekwilibriyong dami _____ bababa _____ tataas _____ walang pagbabago
5. Sa panahon ng undas ay mabenta ang mga kandila kaya bilang paghahanda ay gumawa ng maraming kandila si G. Wan.		Ekwilibriyong presyo _____ bababa _____ tataas _____ walang pagbabago	Ekwilibriyong dami _____ bababa _____ tataas _____ walang pagbabago
6. Nabulok na lamang ang mga panindang prutas ni Ana nang magkaroon ng <i>lockdown</i> sa kanilang lugar.		Ekwilibriyong presyo _____ bababa _____ tataas _____ walang pagbabago	Ekwilibriyong dami _____ bababa _____ tataas _____ walang pagbabago

1. Bilang isang mag-aaral, gaano kahalaga na matutunan ang kahulugan ng ekwilibriyo?

Karagdagang Gawain

Gawain 8:

Isip-Isip

1. Pagbabago ng Demand o Suplay:

Mababa ang Demand

Walang pagbabago sa suplay

Ekwiibrilyong Presyo: Bababa/Mababa

Ekwiibrilyong dami: Bababa/Mababa

2. Pagbabago ng Demand o Suplay:

Mataas ang Demand

Walang Pagbabago sa suplay

Ekwiibrilyong presyo: Tataas/mataas

Ekwiibrilyong dami: Tataas/mataas

3. Pagbabago ng Demand o Suplay:

Mababa ang Demand

Walang pagbabago sa suplay

Ekwiibrilyong presyo: Bababa/mababa

Ekwiibrilyong dami: Bababa/mababa

4. Pagbabago ng Demand o Suplay

Mababa ang Suplay

Walang pagbabago sa Demand

Ekwiibrilyong presyo: Tataas/Mataas

Ekwiibrilyong dami: Bababa/mababa

5. Pagbabago ng Demand o Suplay

Mataas ang Demand

Mataas ang Suplay

Ekwiibrilyong presyo: Walang pagbabago

Ekwiibrilyong dami: Tataas/Mataas

6. Pagbabago ng Demand o Suplay

Mababa ang Demand

Walang pagbabago sa suplay

Ekwiibrilyong presyo: Bababa/mababa

Ekwiibrilyong dami: Bababa/mababa

Tayahin
Gawain 7:
Ulitin Natin Sagot Ayusin

1. B
2. D
3. B
4. A
5. A
6. A
7. A
8. A
9. A
10. C

Balikan: Gawain A-Solusyon

1. $P=? Qs=15$

$Qs=0+5P$

$15=0+5P$

$-5P=-15+0$

$-5 = -15$

$5 = 5$

$P = 3$

2. $P=? Qd=15$

$Qd=40=5P$

$15=40-5P$

$5P=40-15$

$5P = 25$

$5 = 5$

$P = 5$

4. $P=2 Qs=?$

$Qs=0+5P$

$=0+5(2)$

$Qs=10$

5. $P=4 Qs=?$

$Qs=0+5P$

$=0+5(4)$

$Qs=20$

$P = 6$

$5P = -30$

$-5P = -25$

$25 = 0 + 5P$

$5P = -25 + 0$

$5P = -25$

$-5 = -5$

$P = 5$

3. $P=? Qd=10$

$Qd=40=5P$


$10=40-5P$

$5P=-40-10$

$5P = -30$

$5 = 5$

$P = 6$



Tayahin: Isipin Natin-Sagot Ayusin

1. B
2. C
3. D
4. A
5. A

6. A
7. C
8. D
9. A
10. D

Payamanin
Gawain 4 B: Iskedyul ng Demand at Supply (Market Schedule)

PRESYO	DAMI NG DEMAND (QD)	DAMI NG SUPPLY (QS)
0	200	0
5	190	10
10	180	20
15	170	30
20	160	40
25	150	50
30	140	60
35	130	70
40	120	80
45	110	90
50	100	100
55	90	110
60	80	120
65	70	130
70	60	140
75	50	150
80	40	160
85	30	170
90	20	180
95	10	190
100	0	200

Sanggunian

1. Bernard R. Balitao, Martiniano D. Buising, D.J Garcia, Ekonomiks
Araling Panlipunan Modyul para sa mga mag-aaral, Kalihim Armin A. Luistro FSC at Panggalawang kalihim Dina S. Ocampo Ph.D year 2015 pahina 152-163
2. DepEd, Ekonomiks, Araling Panlipunan Modyul para sa mga mag-aaral unang Edisyon year 2015, Bernard R. Balitao, Martiniano D. Buising, D.J Garcia, Ekonomiks Araling Panlipunan Modyul para sa mga mag-aaral, Kalihim Armin
A. Luistro FSC at Panggalawang kalihim Dina S. Ocampo Ph.D year 2015 pahina 152-163

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph